DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE. PASIG CITY

# Alamin Mo ang Iyong mga Karapatan




**NFE Accreditation and Equivalency Learning Material**

Philippines Nonformal Education Project (ADB-Assisted)

Bureau of Nonformal Education
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS

# Alamin Mo ang Iyong mga Karapatan

**Karapatang-Ari 2001**
**KAWANIHAN NG EDUKASYONG NONFORMAL**
**Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports**

Ang modyul na ito ay pag-aari ng Kawanihan ng Edukasyong Nonformal, Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports. Ang alinmang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala o kopyahin sa anumang paraan o anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ang organisasyon o ahensiya ng pamahalaang naglathala.

**Inilathala sa Pilipinas ng:**

Kawanihan ng Edukasyong Nonformal
Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports
3/F Mabini Bldg., DECS Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Tel. No.: (02) 635 - 5189 Fax No.: (02) 635 - 5191

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT SPORTS**
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*

***Sama-Sama sa DECS***



***Mahal kong Mag-aaral,***

Inihahandog namin ang *Nonformal Education Accreditation and Equivalency* (NFE A & E) *Learning Program*. Ito ay isang alternatibong paraan upang higit na mapabuti ang iyong kaalaman at kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pagkukwenta. Sa pakikisali mo sa programang ito, matatamo mo ang isang katibayan sa antas ng elementarya at sekondarya.

Sa pamamagitan ng sistemang ito, sisikapin namin na maihandog sa iyo ang isang uri ng pag-aaral na hahawi sa mga balakid na naging dahilan upang ikaw ay mahinto sa pag-aaral. Magagampanan mo nang maluwag ang mga gawain sa pagkatuto, dahil sarili mo ang oras ng pag-aaral at abot-kamay mo na ang mga bagay na makatutulong sa iyo.

Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga modyul na nakasulat sa English at Filipino sa antas ng elementarya at sekondarya, malilinang ang iyong kakayahan at kaalaman sa limang lawak ng pag-aaral. Makatutulong ito upang magampanan mo ang iyong tungkulin bilang isang Pilipino sa isang makabagong lipunan. Inaasahan na sa masusi mong pag-aaral ng mga modyul at pagsusuri ng sariling kakayahan at kaalaman, mauunawaan mo ang mga pang-araw-araw na suliranin at makapagbibigay ka ng makabuluhang pasiya. Magkakaroon ka rin ng bagong kakayahan at kaalaman na magagamit mong puhunan tungo sa pagkakaroon ng mabuting gawain, wastong gawing pangkalusugan, dagdag na kita, sigla sa pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan at mabuting uri ng buhay para sa pamilya.

May pagsubok na ibibigay sa iyo. Sa pamamagitan nito, masusukat ang iyong kasanayan at kaalaman matapos mong pag-aralan ang mga modyul. Sakaling magtagumpay ka

Tel. # 633-7228
633-7208
Fax # 636-4876

sa pagsubok, bibigyan ka ng katibayang pang-elementarya o pansekondarya. Makatutulong ito upang magkaroon ka ng magandang hanapbuhay at ng magandang pagkakataon para makapagpatuloy ng pag-aaral.

Sana'y makawilihan mo ang pag-aaral sa mga modyul na ito. Ang mga kasanayan at kaalaman dito ay makatutulong din sa iyo upang magkaroon ka ng disiplinang pansarili, makilala at maisagawa nang maayos ang iyong pananagutan upang matagumpay na makipamuhay sa isang lipunang patuloy na nagbabago. Sana'y maging isang Pilipino ka na marunong makibagay at gumanap ng tungkulin tungo sa pagsulong at pag-unlad ng pandaigdig na lipunan.

Makatulong sana sa iyo ang pagsisikap naming mapabuti ang uri ng iyong pamumuhay sa kinabukasan.

Raul S Roco

**RAUL S. ROCO**
*Kalihim*

## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Alam mo ba na ang lahat ng tao ay may pantay-pantay na karapatan? Kahit na tayo ay mayaman o mahirap, lalaki o babae, bata o matanda, lahat tayo ay may pantay-pantay na karapatan. Walang sinuman ang mayroong mas nakararaming karapatan kaysa sa iba.

Alam mo rin ba na ang bawat karapatan na ating tinatamasa ay mayroong kakabit na responsibilidad?

Mahalagang malaman mo ang iyong mga karapatan. Makatutulong ito sa iyo upang matiyak na patuloy mong tatamasahin ang mga karapatang ito. Katulad nga ng isang kasabihang, "Ipaglaban mo ang iyong mga karapatan!" Mahalagang malaman mo rin ang mga katungkulan at responsibilidad na nakaakibat sa bawat karapatan.

Sa modyul na ito, pag-aaralan nating ang ilan sa mga batayan ng karapatang pantao at ang mga responsibilidad na kasama ng mga ito. Tatalakayin ang mga ito sa tatlong aralin. Ang mga ito ay:

Aralin 1 – *Ang Karapatan sa Libreng Panimulang Edukasyon*

Aralin 2 – *Mga Karapatan ng Kababaihan*

Aralin 3 – *Mga Karapatang Sibil at Pulitikal*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang tungkol sa iyong iba't ibang karapatang pantao. Ang mga pagsasanay at mga halimbawa na ibibigay ay makatutulong sa iyong higit na pag-unawa sa paksang ito. Kaya pag-aralang mabuti ang bawat aralin at maingat at mahinahong sagutin ang bawat gawain. Kung magagawa mo ito, matapos pag-aralan ang modyul, inaasahang kaya mo nang:

- talakayin ang mga karapatan sa edukasyon at ang mga kaakibat nitong responsibilidad;
- talakayin ang mga karapatan ng kababaihan at ang mga kaakibat nitong responsibilidad; at
- tukuyin ang mga sibil at pulitikal na karapatan ng mga Pilipino at ang mga kaakibat nitong responsibilidad.

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, subukan mong isabuhay ang mga kaalamang iyong natutuhan. Inaasahang makatutulong ang modyul na ito upang matulungan kang gawing madali at komportable ang iyong buhay, at maging isang higit na mabuting mamamayan.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral sa modyul na ito, sagutin ang isang simpleng pagsasanay upang malaman mo kung anu-ano na ang iyong mga nalalaman tungkol sa paksang iyong pag-aaralan.

Piliin sa mga aytem sa ibaba ang mga karapatang pantao. Lagyan ng tsek (✔) ang patlang kung ang tinutukoy ay isang karapatang pantao, at lagyan ng ekis (✘) kung ito ay hindi.

*Halimbawa*:

__✔__ 1. Ang bawat mamamayan ay may karapatang magkaroon ng isang pamilya upang may mag-aruga sa kanya.

__✘__ 2. Ang bawat mamamayan ay may karapatang magnakaw upang yumaman.

Ang bilang 1 sa itaas ay isang karapatang pantao, kaya isang tsek ang inilagay sa patlang. Ang bilang 2 naman ay hindi karapatang pantao, kaya isang ekis ang inilagay sa patlang.

_____ 1. Ang bawat tao ay mayroong karapatang mabuhay.

_____ 2. Ang bawat tao ay may karapatang magtrabaho o kaya'y mamasukan.

_____ 3. Ang bawat tao ay may karapatang makapag-aral nang libre sa isang pampublikong paaralan sa elementarya at hay-iskul.

_____ 4. Kung gugustuhin ng isang tao, may karapatan siyang gumamit at magbenta ng mga ipinagbabawal na gamot.

_____ 5. Ang bawat employer o amo ay may karapatang magbayad sa kanyang mga empleyado ng anumang halaga ng suweldong gugustuhin niya.

_____ 6. Ang bawat tao na nakagawa ng krimen ay dapat parusahan sa pamamagitan ng panghabambuhay na sintensiya.

_____ 7. Ang bawat tao ay may karapatang mamili ng relihiyong nais niya.

_____ 8. Ang bawat bata ay may karapatang maprotektahan laban sa kahit na anong uri ng kapabayaan, karahasan at pang-aabuso.

_____ 9. Ang bawat mamamayan ay may karapatang mabuhay nang malaya at ligtas sa kapahamakan.

_____ 10. Ang lahat ng tao ay may karapatang magkaroon ng mga ari-arian.

O, kamusta ang pagsasanay? Sa tingin mo ba'y nasagot mo nang tama ang lahat ng aytem? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pahina 28 upang malaman ang iyong iskor.

Kung tama ang lahat ng iyong mga sagot, magaling! Nagpapakita ito na marami ka nang nalalaman tungkol sa paksang ito. Maaari mo pa rin pag-aralan ang modyul na ito upang mabalik-aralan ang iyong mga nalalaman. Anong malay mo, baka marami ka pang matutuhan na mga bagong kaalaman sa modyul na ito.

Kung mababa ang iyong iskor, huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Matutulungan ka nito sa pag-unawa ng mga mahahalagang konsepto na maaari mong magamit sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, matututuhan ang mga sagot sa lahat ng mga katanungan sa pagsasanay at marami pang iba! Handa ka na ba?

Ilipat sa susunod na pahina upang masimulan ang Aralin 1.

## ARALIN 1

# Ang Karapatan sa Libreng Panimulang Edukasyon (Basic Education)

Sa araling ito, mapag-aaralan mo ang mga mahahalagang karapatan ng kabataan. Ito ang karapatang makapag-aral. Isipin mo ang iyong pamilya, mga kapitbahay at mga kaibigan. Lahat ba ng mga bata ay nakapag-aaral? Paano ang mga kapitbahay mong matatanda? Nakatapos ba sila ng elementarya at hay-iskul man lang? Kung hindi, sila ay pinagkaitan ng kanilang karapatan sa libreng panimulang edukasyon.

Sa araling ito, marami kang matututuhan tungkol sa karapatan sa libreng panimulang edukasyon. Mapag-aaralan mo rin ang ilang mga sitwasyon kung saan ang karapatang ito ay nilalabag, at kung bakit nangyayari ang mga paglabag na ito.

## Basahin Natin Ito

Sa ibaba ay isang pag-uusap sa pagitan ng dalawang magkaibigan, si Nora at si Myrna. Basahin ang kanilang mga sinasabi.

Mareng Nora, kami ng iyong Pareng Nonoy ay nagtataka kung paano n'yo napag-aaral ang inyong tatlong anak. Isang tindahan lamang ang inyong pinagkukunan ng pang-araw-araw na gastusin."

"Dahil sa hindi ako nagbabayad ng kanilang mga matrikula," ang sagot naman ni Aling Nora. "Ni hindi nga ako bumibili ng mga libro para sa kanila. Ang kanilang paaralan ang nagbibigay ng lahat na kailangan nila maliban sa mga papel, lapis, bolpen at notbuk."

"Mabuti ito sa iyo, pero sino ang nagbabayad sa matrikula nila sa paaralan?"

"Mareng Myrna, nalimutan mo na ba ang isang probisyon sa ating Konstitusyon?"

"Ano naman ang tungkol dito?" ang tanong ni Myrna. "Mayroon bang naging pagbabago sa mga probisyon sa ating konstitusyon nitong nakaraang sampung taon na wala ako sa ating bansa?"

"Sa aking pagkakaalam, wala pa naman. Ang ibig kong sabihin ay ang probisyon tungkol sa libreng panimulang edukasyon sa elementarya at

sekondarya, na tumitiyak sa libreng edukasyon sa mga pampublikong paaralan."

"Ang ibig mong sabihin, pinag-aaral mo ang iyong mga anak sa pampublikong paaralan?" tanong ni Myrna.

"Oo, ano naman ang masama kung sila ay pinag-aaral ko sa pampublikong paaralan? Marami tayong mga magagaling at mahuhusay na mga pampublikong paaralan na mayroong mahuhusay na mga guro. Ay naku, Mareng Myrna, malaki na nga ang ipinagbago mo," ang pabugtong-hiningang sabi ni Nora.

"Mareng Nora, masyado mo namang ipinagtatanggol ang iyong sarili. Hindi ko naman sinasadyang saktan ka. Nagtataka lamang ako kung paano ang isang tao na nagtapos sa isang pribadong paaralan ay magagawang pag-aralin ang kanyang mga anak sa isang pampublikong paaralan," paliwanag ni Myrna.

"Nagbabago ang panahon. Napakamahal mag-aral sa isang pribadong paaralan ngayon. Maagang namatay ang iyong Pareng Noel kaya kinailangan kong maging praktikal upang mapag-aral ko ang aking mga anak. Ang pangalawa kong anak na lalaki ay nasa ikatlong taon na sa hay-iskul, samantalang ang bunso ko na si Joana ay magtatapos na sa elementarya ngayong taon," wika ni Nora, ang kanyang mukha ay lumiwanag sa kanyang pagkakangiti. "Kung hindi dahil sa libreng panimulang edukasyon sa elementarya at sa sekondarya, hindi ko mabibigyan ng maayos na edukasyon ang aking mga anak."

"Kaya ngayon ay nagsisimula mo nang matanggap ang kahalagahan ng edukasyon! Naaalala ko pa noong tayo ay nasa hay-iskul pa. Lagi mong sinusumpa si Ginang Cruz, ang ating guro sa Araling Panlipunan, kapag tinatawag ka niya upang sabihin ang mga probisyon sa Konstitusyon ng 1935," panunuksong wika ni Myrna.

"Iyon ang mga nakaraang araw, aking kaibigan. Mukhang tinuruan ako ng tadhana ng isang mahalagang leksiyon," sagot ni Nora habang nangingiti.



## Magbalik-aral Tayo

Bilugan ang titik ng pinakamahusay na sagot:

1. Tungkol saan ang paksa ng kuwento?

   a. Ang magkaibigang hindi nakita ang isa't isa sa loob ng mahabang panahon.

   b. Ang kahalagahan ng pagkamit ng libreng panimulang edukasyon sa elementarya at sekondarya.

   c. Ang sitwasyon na nagturo kay Nora ng isang mahalagang leksiyon sa buhay.

   d. Ang paghahambing sa pagitan ng isang pribado at pampublikong paaralan.

2. Anong karapatang pantao ang tinalakay sa kuwento?

   a. Ang karapatan ng bawat mamamayan sa libreng panimulang edukasyon sa elementarya at sekondarya.

   b. Ang karapatan ng lahat sa libreng de-kalidad na edukasyon.

   c. Ang karapatan ng mga magulang na pumili sa pagitan ng pribado o pampublikong paaralan para sa edukasyon ng kanilang mga anak.

   d. Ang karapatang magkaroon ng mabuti at mapayapang buhay.

3. Ayon sa kuwento, bakit mahalaga para sa lahat ang pagkamit sa libreng panimulang edukasyon sa elementarya at sekondarya?

   a. Ang edukasyon ang nagbibigay ng mas malaking opurtunidad upang magkaroon ng mas mabuting kalidad ng buhay.

   b. Ang mga indibidwal na nakinabang sa libreng panimulang edukasyon ay may mas malaking pagkakataon na makapagtrabaho sa pamahalaan.

   c. Ang mga taong nakapag-aral ay higit na iginagalang kaysa sa mga taong hindi nakapag-aral.

   d. Nakakatulong ito sa mga magulang ng isang pamilyang kumikita ng katamtaman na pag-aralin ang kanilang mga anak.

4. Ayon kay Nora, ano ang partikular na probisyon sa konstitusyon tungkol sa pagkamit ng libreng panimulang edukasyon?

   a. Ito ay nagbibigay ng libreng matrikula sa mga mag-aaral at estudyante.

   b. Ito ay nagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat ng mamamayang Pilipino na makinabang sa libre at patuloy na edukasyon habang-buhay.

c. Ipinagbabawal nito ang pangungulekta ng matrikula sa mga mag-aaral sa elementarya at hayskul sa mga pang publiko at pribadong paaralan.

d. Nagbibigay ito ng probisyon para sa libreng edukasyon mula *kindergarten* hanggang sa kolehiyo.

5. Ano sa tingin mo ang mangyayari kung ang lahat ng mga magulang ay isasaalang-alang ang sapilitang edukasyon sa elementarya at sekondarya para sa kanilang mga anak?


   a. Kahit ang mga anak ng mga pamilyang kumikita ng mababa at katamtaman ay mauubligang tapusin ang panimulang edukasyon kahit hanggang hay-iskul man lamang.

   b. Hindi na papayagan ng mga magulang na makapagkolehiyo ang sinuman sa kanilang mga anak.

   c. Ang mga magulang ay mauubligang magpalista sa pormal na edukasyong pangsekondarya.

   d. Ang lahat ay mag-eenrol o mapagpapalista sa kolehiyo.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29. Kung tama ang lahat ng mga sagot mo, magaling! Ipinapakita nito na alam mo na ang kahalagahan ng libreng daan sa panimulang edukasyon. Pag-aaralan naman natin ang susunod na bahagi ang mga probisyong konstitusyunal at mga kautusan nito.



## Alamin Natin

Isinasaad sa Artikulo XIV, Seksiyon 2 ng ating Konstitusyon na "ang Estado ay magtatayo at magpapanatili ng isang sistema para sa libreng pampublikong edukasyon sa elementarya at hay-iskul."

Sa isang ideyal na sitwasyon, ito ang ninanais na ibigay ng ating pamahalaan sa lahat ng mamamayan ng ating bansa. Pero dahil sa ating napakalimitadong pambansang badyet, mukhang hindi masasagot ng pamahalaan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng buong populasyong may edad na pampaaralan (*school-age*). Ang ulat tungkol sa karapatang pantao sa Pilipinas noong 1996 ay nagsasabing abot 2.1 milyong kabataang nasa edad pampaaralan ang hindi natanggap sa pormal na sistemang pang-edukasyon sa pagitan ng 1996 hanggang 1997 dahil sa kakulangan ng mga pasilidad pampaaralan. Aabot sa 26.45% ng mga baranggay sa ating bansa ang wala pang mga pang-elementaryang paaralan. Ipinalalagay ng karamihan sa atin na ang pinakamatinding problema sa edukasyon ay ang bumababang kalidad nito. Sa katotohanan, hindi ito totoo, dahil ang pinakapayak na problema ay ang pagkamit ng libreng edukasyon.


Ano sa tingin mo ang dapat gawin ng ating pamahalaan upang malutas ang problema tungkol sa kakulangan sa mga gusaling pampaaralan, mga pasilidad, mga guro at maging mga gamit panturo?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Talakayin ang iyong mga ideya sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, mga opisyal ng baranggay, mga kaibigan o mga kapamilya. Naniniwala din ba sila sa iyong mga panukala? Bakit oo o bakit hindi?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

## Subukan Natin Ito




Mga batang nagtatrabaho sa mga lansangan

Tingnan ang larawan sa itaas. Pag-aralan itong mabuti, pagkatapos ay sagutin ang sumusunod na katanungan. Narito ang isang halimbawa.

"Ano sa palagay mo ang mga panganib na bumabalot sa mga ganitong uri ng mga trabaho?"

Ang isang sagot ay maaaring: "Ang mga batang ipinapakita sa larawan ay maaaring malulong sa mga bisyo katulad ng paggamit sa mga ipinagbabawal na gamot at pag-inom. Maaari din silang masangkot sa prostitusyon. Ito ay maaaring mangyari dahil sila ay nagtatrabaho malapit sa isang disko o bahay-aliwan at sila ay mukhang mahihirap."

Ngayon, narito ang mga katanungan na iyong sasagutin:

1. Sa iyong opinyon, bakit maraming kabataan ang napipilitang magtrabaho?

    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________

2. Sa palagay mo ba'y mayroon pang oras para makapag-aral ang mga batang nasa larawan?

    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________

3. Anu-anong mga karapatan ang ipinagkakait sa mga batang nagtatrabaho sa murang edad?

    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________

4. Ipalagay na ang isang tao ay hindi nakapag-aral sa isang paaralan noong siya ay bata pa. Anu-anong mga pagsubok ang maaari niyang maranasan sa kanyang pagtanda dahil sa kanyang kakulangan sa edukasyon?

    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________

5. May alam ka bang mga programa ng gobyerno na nagbibigay ng libreng edukasyon sa kahit sinong nagnanais na makapag-aral? Mayroon din bang mga katulad na programa na pinatatakbo ng mga pribadong organisasyon? Magbigay ng mga halimbawa sa iyong mga nalalaman.

    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________
    ____________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 29–31.



## Tandaan Natin

Ang lahat ng bata ay may karapatang makapag-aral. Samakatuwid, ang bawat bata ay dapat magkamit ng libreng panimulang edukasyon sa elementarya at sekondarya. Ang pagiging mahirap ay hindi dapat humadlang sa kahit sinong bata na magtamasa ng karapatang ito.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa iyong palagay, ang kabataan ba sa lahat ng lugar ay nakakukuha ng pantay na opurtunidad na magkaroon ng libreng dekalidad na edukasyon? Pag-isipang mabuti ang iyong sagot bago magpatuloy.



## Magbalik-aral Tayo

Punuan ang mga patlang ng mga tamang sagot. Pumili ng mga sagot mula sa mga salita o pariralang nasa loob ng unang kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| pangarap | pumasok sa paaralan o mag-aral | prostitusyon | |
| masasamang tao | magtrabaho | bawal na gamot o bisyo | maglaro |

### Ang mga Karapatang Pambata

Kahit ang mga bata ay may mga karapatan.

Sila ay may karapatang (1) _______________, magsaya at ikalugod ang kanilang kabataan. Pero sa mga panahon ngayon, maraming bata ang hindi nagtatamasa ng karapatang ito. Sa halip, sila ay napipilitang magtrabaho.

Dahil sila ay mahirap, pinupuwersa sila ng kanilang mga magulang na (2) _____________. Dahil dito, hindi sila maaaring (3) __________________. Kung ito ay magpapatuloy, mananatili silang hindi marunong bumasa at sumulat o ignorante habang-buhay.

Kung sila ay magtatrabaho sa lansangan, ang mga batang hindi pumapasok sa paaralan ay kadalasang humaharap sa kapahamakan at nahuhulog sa mga kamay ng mga (4) _________________. May posibilidad ring ang mga batang ito ay malulong sa (5) _______________.

Kailan kaya makukuha at matatamasang muli ng mga batang ito ang kabuuan ng kanilang mga karapatan?

Pagkatapos gawin ang pagsasanay, tingnan ang mga tamang kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 31.

## Tandaan Natin

Ang Estado ay may obligasyong protektahan at ipalaganap ang karapatan ng lahat ng mamamayan na makamit ang de-kalidad na edukasyon sa lahat ng antas nito. Samakatuwid, ang Estado ay dapat magsagawa ng karampatang mga hakbang upang ang edukasyon ay makamtan ng lahat, lalo na sa pamamagitan ng libreng pampublikong edukasyon sa elementarya at sekondarya.

Sa kabilang banda, responsibilidad ng bawat indibidwal na matamasa ang kanyang karapatan sa libreng panimulang edukasyon sa paraang magiging kapaki-pakinabang hindi lamang para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya kundi para na rin sa buong bansa. Ang responsibilidad na ito ay pantay-pantay na nakalaan sa mga lalaki o babae, bata man o matanda.

# Mga Karapatan ng Kababaihan

Pamilyar ka ba sa mga karapatan ng kababaihan? Alam mo bang ang kababaihan ay may karapatan din tulad ng kalalakihan? Alam mo bang ang kababaihan ay kapantay ng kalalakihan sa halos lahat ng bagay maliban lamang marahil sa pisikal na aspeto?

Ngunit ang nakakalungkot, hindi ito naiintindihan lahat ng maraming tao sa ating lipunan sa kasalukuyan. Bunga nito, ang kababaihan ay kadalasang inaabuso, dinidiskrimina o itinatratong mas nakabababa sa kalalakihan. Hindi makatarungan ang kalagayang ito ng kababaihan. Upang maiwasto ang ganitong sitwasyon, kailangan munang malaman ng lahat ang mga karapatan ng kababaihan. At pagkatapos, kailangang tumulong tayo sa paniniyak na ang mga karapatang ito ay tinatamasa nang husto ng kababaihan – ang ating sarili (kung tayo'y napapabilang sa kababaihan), mga kaibigan nating babae, mga kapamilya, mga katrabaho at mga kakilala. Ito ang inyong pag-aaralan sa araling ito.

## Basahin Natin Ito

### Dahil Ako'y Babae Lamang

Gustong magtrabaho ni Elena Cortez bilang "gasoline-girl" sa isang estasyon sa Novaliches. Kinapanayam siya ng may-ari. Narito ang ilang bahagi ng pakikipanayam.

**Ginoong Perez (may-ari)**: Ikinalulungkot ko, Binibining Cortez. Hindi ko kayo matatanggap sa ganitong uri ng trabaho dahil ito'y panlalaki lamang.

**Elena**: Ngunit, kaya ko naman pong gawin nang mabuti ang trabaho. Sa katunayan nga po, sanay na akong gumawa ng mga trabahong panlalaki. Magaling po ako sa pagkukumpuni ng mga sasakyan at pagmamaneho nito. Tagumpay ko rin pong nakumpleto ang pagmemekaniko ng mga sasakyan sa *Test Trade* ng TESDA. Sigurado na kong magagampanan ko ang anumang trabahong ibibigay ninyo sa akin sa gasolinahan ito.

**Ginoong Perez**: Ikinalulungkot ko. Hindi talaga kita matatanggap. Katulad na rin ng nasabi ko, ang trabahong ito ay para sa mga lalaki lamang. Bakit hindi ka mag-aplay sa iba? Baka makahanap ka pa ng trabahong mas nababagay sa isang babae.



## Magbalik-aral Tayo

1. Tungkol saan ang kuwento?

2. Taglay ni Elena ang karanasan sa pagtatarabaho at sertipiko ng trade test upang makapagtrabaho bilang "gasoline girl", ngunit bakit hindi siya tinanggap sa nasabing trabaho?

3. May kilala ka bang mga employer na hindi tumanggap ng kababaihan kahit kaya at gusto nilang magtrabaho?

4. Kung ikaw si Elena, ano ang iyong gagawin? Bakit?

5. Ano sa palagay mo ang mga dahilan kung bakit may diskriminasyon laban sa kababaihan sa ating lipunan, kung bakit ang kadalasang kinukuha ng mga employer ay mga lalaki at hindi mga babae sa kanilang kompanya?

6. Magbigay ng mga karapatang hindi tinatamasa ng kababaihan sa ating lipunan.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 32–33.

## Basahin Natin Ito

Alam mo bang may pambansa at pandaigdigang batas na kumikilala sa mga karapatan ng kababaihan? Basahin ang tungkol sa mga ito sa ibaba.

### Mga Karapatan ng Kababaihan



- Ang deklarasyon ng Mga Nagkakaisang Bansa (United Nations) sa Pagtatanggal ng Diskriminasyon Laban sa Kababaihan na ipinahayag ng Resolusyon ng Pangkalahatang Asamblea 2263 (General Assembly 2263) ng ika-7 ng Nobyembre, 1967 ay iginigiit ang prinsipyo ng walang pagdidiskrimina. Bukod pa dito, ay ipinapahayag din na lahat ng tao ay malaya at pantay-pantay sa dignidad at karapatan at ang lahat ay dapat magtamo ng mga karapatan at kalayaang ipinatutupad nito nang walang anumang uri ng pag-iiba kasama na ang pagkakaiba sa kasarian.

- Isinasaad ng Artikulo 135 ng Kodigo ng Paggawa ng Pilipinas (*Labor Code of the Philippines*) na: " Hindi alinsunod sa batas para sa sinumang employer ang pagpapakita ng diskriminasyon laban sa sinumang empleyadong babae sa mga bagay na may kinalaman sa mga termino at kondisyon ng pagtatrabaho dahil lamang sa kanyang kasarian".

  Ang sumusunod ay itinuturing na mga gawaing nagpapakita ng diskriminasyon:

  - Mas mababang suweldo bilang kabayaran, kasama ang buwanang tinatanggap, at ibang porma nito tulad ng mga gantimpala, bonus at mga karagdagang benepisyo, sa mga empleyadong babae kung ihahambing sa isang empleyadong lalaki para sa trabahong magkatulad ang halaga; at

  - Pagpanig sa lalaking empleyado kaysa sa isang babaeng empleyado sa mga bagay na may kinalaman sa pagtataas ng posisyon sa trabaho, mga pagkakataong masanay ang kakayahan, mga pagkakataong makapag-aral at mabigyan ng scholarship dahil lamang sa kanyang kasarian.

- Kinikilala ng Konstitusyon ng 1987 ng Pilipinas ang pangunahing pagkakapantay-pantay ng kababaihan at kalalakihan.

- Ipinagtitibay ng Batas Republika Bilang 6725 na inaprubahan noong ika-12 ng Mayo, 1989 ang pagbabawal sa diskriminasyon laban sa kababaihan na may kinalaman sa mga termino at kondisyon ng pagtatrabaho, pagtataas ng posisyon at mga pagkakataong makapagsanay.
- Ang Batas ng Kababaihan sa Pag-unlad at Pagbuo ng Bansa (*Women in Development and Nation Building Act*) ng 1992 ay nagbibigay ng pantay na pagkakataon sa mga babae at lalaki sa pagkuha ng mga kailangan (resources) kasama na ang pag-utang at pagsasanay ng kakayahan. Humihingi rin ito ng pagbibigay ng malaking bahagi ng *Official Development Assistance* (ODA) upang suportahan ang mga gawain at programang pangkababaihan. Ang ODA ay tumutukoy sa teknikal at/o pinansiyal na pagtulong sa Pilipinas ng mga bansang tulad ng Japan, Netherlands, New Zealand, Canada, atbp. Ang ilang bahagi ng ODA sa Pilipinas ay para sa pagsuporta sa mga programang pangkababaihan, at iba pang proyektong karapat-dapat na mabigyan ng pansin tulad ng pangangalaga sa kapaligiran, mapagkawang-gawang pagsisikap at mga programang tumutulong sa pagpapaunlad ng sarili.

Gayunpaman, ang mga batas na ito ay dapat pang maipatupad nang husto. Sa ngayon, ang mga sistema kung saan ipinatutupad ang mga ito ay hindi pa gaanong lubos na maayos, at patuloy pa rin itong nililinang ng pamahalaan.

Ang mahinang pagpapatupad sa mga batas na ito ay maaaring maiugat sa kakulangan ng kamalayan ng mga lalaki at babae sa mga legal na karapatan ng kababaihan.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang salitang **Tama** o **Mali** sa patlang.

_________ 1. Ang isang kompanya ng konstruksiyon ay hindi dapat tumanggap ng kababaihan.

_________ 2. Ang isang babaeng "nagger" o laging naghahanap ng kamalian ng kanyang asawa ay karapat-dapat lamang na saktan.

_________ 3. Laging mababa ang ranggo ng mga babae sa hukbo ng sandatahan at pulisya kaysa mga lalaking sundalo o pulis katulad nila.

_________ 4. Ang kababaihan ay nababagay lamang sa tahanan.

_________ 5. Ang kababaihang nagtatrabaho dito sa Pilipinas ay dapat mabigyan ng ligtas at maayos na kondisyon sa pagtatrabaho.

__________ 6. Mas nakababababa ang uri ng kababaihan kaysa kalalakihan.

__________ 7. Ang kababaihan ay maaaring kumandidato sa mga eleksiyon.

__________ 8. Ngayon, maraming Pilipina ang nangunguna sa larangan ng isports, siyensiya, pulitika at pelikula.

__________ 9. Ang totoong Pilipina ay dapat laging sumunod sa utos ng kanyang asawa o kasintahan.

__________10. Ang kababaihan, tulad ng kalalakihan, ay may karapatang magpahayag ng kanilang damdamin at gumawa ng mga bagay na gusto nilang gawin.

Nasagutan mo ba lahat ang mga katanungan sa itaas? Kung gayon, ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 33–34.

Kung nakuha mong lahat ang mga sagot, magaling! Ipinapakita lamang nitong may kaalaman ka na tungkol sa mga karapatan at pribilehiyo ng kababaihan. Ngayon, basahin ang *Tandaan Natin* upang lalong pagtibayin ang iyong kaalaman tungkol sa paksang ito.

## Tandaan Natin

- Karapatan ng kababaihang mabigyan ng sindaming pagkakataon na ibinibigay sa kalalakihan sa paghahanap ng trabaho. Ang kasarian ng aplikante ay hindi dapat gamitin bilang basehan upang siya ay tanggapin o hindi.
- Karapatan rin ng kababaihang maitaas ang posisyon sa trabaho. Ang karapatang ito ay nagbibigay suhestiyon na ang mga kababaihan ay maaaring maging lider sa anumang larangan na kanilang piliin.
- Ang kababaihan ay may karapatang maging malaya sa prostitusyon, panggagahasa, at pang-aabuso ng kanilang mga asawa at iba pang anyo ng kasamaan at kawalan ng katarungan.
- Ang kababaihan ay may karapatan sa mabuting kalusugan upang sila ay maging produktibong miyembro ng lipunan.
- Ang kababaihan, bata man o matanda ay may karapatan sa edukasyon.

- Karapatan ng sinumang empleyadong nagdadalantao na nakapagbigay ng kabuuang trabahong anim na buwan o higit pa sa loob ng isang taon para makakuha ng maternity leave ng dalawang linggo o humigit pa dito bago ang takdang araw ng panganganak, at karagdagang apat na linggo pagkatapos ng normal na panganganak, na may kumpletong kabayaran batay sa regular na suweldong kanyang tinatanggap.

Kung nais mo pang maragdagagan ang iyong kaalaman tungkol sa mga karapatan ng kababaihan, may isa pang NFE A&E modyul na maaari mong pag-aralan. Ito ay may pamagat na *Pakikipaglaban Para sa Karapatan ng Kababaihan* na mas malalim na tumatalakay sa mga isyung may kinalaman sa mga karapatan ng kababaihan.

# Mga Karapatang Sibil at Pulitikal

Ang araling ito ay tungkol sa mga karapatang sibil at pulitikal ng isang indibidwal. Ipinapaliwanag din dito ang mga kaukulang responsibilidad na kaakibat ng mga karapatang ito.

## Basahin Natin Ito

### Mahalaga ang Aking Boto

May 11, araw ng eleksiyon. Ngayon, ang mga taong nasa tamang edad ay boboto para sa mga lokal na opisyal na kanilang gusto. Si Hector ay nasa Presinto 12, nakapila, habang hinihintay ang kanyang pagkakataong bumoto.



## Magbalik-aral Tayo

Batay sa ilustrasyon sa naunang pahina, sagutin ang sumusunod na katanungan.

1. Kung ang isang tao ay may karapatang bumoto, may karapatan din ba siyang ipagbili ang kanyang boto?

   Oo ________ Hindi ________

   Bakit?

   ______________________________

   ______________________________

2. Ano ang mangyayari kung ipinagbibili ng karamihan sa mga tao ang kanilang mga boto?

   ______________________________

   ______________________________


3. Sa iyong opinyon, anong responsibilidad ang kaakibat ng karapatang bumoto?

   ______________________________

   ______________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 34. Kung ang iyong mga sagot ay katulad ng mga ibinigay na sagot, binabati kita! Ipinapakita nitong alam mo na ang kahalagahan ng tamang paggamit ng karapatang bumoto.

## Basahin Natin Ito





## Magbalik-aral Tayo

1. Ano ang problema ni Azon?

2. Ano ang iminungkahi ni Rita na dapat niyang gawin?

3. Bilang kapalit, ano ang inaasahan ni Mayor na gagawin ni Azon?

4. Kung susundin ni Azon ang payo ni Rita, at gagawin din ito ng lahat ng tao, ano ang mangyayari sa ating lipunan?

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 34.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Ang lahat ng mamamayan sa Pilipinas ay mayroong karapatang bumoto kapag nakamit nila ang sumusunod na katangian:

- Dapat silang gulang na 18 taon pataas.
- Kailangang nanirahan sila sa Pilipinas sa loob ng isang taon at sa lugar kung saan nila nais bumoto ng 6 na buwan o higit pa bago ang eleksiyon. Ito ay isinasaad sa Artikulo V ng Konstitusyon ng Pilipinas.

Ang karapatang bumoto ay hindi tinatamasa ng lahat ng mamamayan sa buong mundo. Mayroong mga bansa kung saan ang mga tao ay hindi binibigyan ng pagkakataong pumili ng kanilang magiging mga pinuno. Walang ginaganap na eleksiyon. Ang mga tao ay walang karapatang ipahayag ang kanilang opinyon kung paano dapat patakbuhin ang pamahalaan. Wala silang impluwensya sa pagbuo ng mga desisyon. Ang mga mamamayan ay talagang walang kapangyarihan.

Samakatuwid, napakapalad nating mga Pilipino. Tinatamasa natin ang karapatang bumoto. Ngunit tandaan, na ang bawat **karapatan** ay mayroong kaakibat na **responsibilidad**. Tayo ay binigyan ng **karapatang bumoto**, samakatuwid, kailangang maging responsable tayo na **protektahan** at **pahalagahan** ang karapatang ito. Kailangan tayong **pumili ng tamang tao** mula sa mga kumakandidato. Hindi tayo dapat masangkot sa pagbibili o pagbebenta ng boto. Ang pinakamahalaga, hindi natin dapat payagang gamitin tayo ng mga pulitiko. Maging maingat tayo. Bumoto nang buong katalinuhan at katapatan. Igalang ang mga batas na ipinapatupad ng *Commission on Elections* (COMELEC) upang maprotektahan ang pagiging sikreto ng balota.

## Basahin Natin Ito




Pamilyar ba sa iyo ang sitwasyong ipinapakita sa larawang ito?

Naaresto si Mang Goryo ayon sa utos ng mayor dahil namimigay siya ng mga materyal sa eleksiyon na sumusuporta sa kalaban ng mayor.

Ang pag-aresto kay Mang Goryo ay paglabag sa kanyang karapatang pantao. Bilang tao, lahat tayo ay may karapatang maging malaya sa walang batayang pag-aresto, pagkakakulong o pagpapatapon. May karapatan din tayo sa isang makatarungang paglilitis at pampublikong pagdinig, at ang karapatang ituring na walang-sala hanggang napapatunayang nagkasala. Walang sinuman ang dapat makulong dahil lamang sa kanyang mga pulitikal na paniniwala at pagnanais.


DEP ED CENTRAL LIBRARY
MERALCO AVE. PASIG CITY

Subalit, ang paglabag sa karapatang sibil at pulitikal ay patuloy na nagaganap, gayong hindi na sindalas ng dati. Ayon sa *1996 Human Rights Report in the Philippines,* may 184 na presong pulitikal hanggang sa noong Disyembre 1996. May mga kaso din ng di-boluntaryong pagkawala at mga masaker.

Subalit mayroong pagtaas ng bilang ng mga paglabag sa mga karapatang pantao sa pangangampanya ng mga pulis laban sa kriminalidad. Sa katotohanan, ang mga pulis ang tinutukoy na pangunahing tagapaglabag sa karapatang pantao ayon sa *Commission on Human Rights.* Kasama sa mga paglabag na ito ay ang pagpatay, pagbitay, pagpapahirap, pagkawala at ang ilegal na detensiyon o pagkulong.

## Subukan Natin Ito

Basahin ang komik istrip na nasa ibaba, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na kasunod nito.




1. May karapatan ba ang mayor na ipaaresto si Goryo para sa pulitikal na kadahilanan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Anong konstitusyonal na karapatan ni Mang Goryo ang nilabag?

_______________________________________________

_______________________________________________


_______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35.



## Tandaan Natin

> Ang Konstitusyon ng Pilipinas ay may sumusunod na probisyon sa Artikulo III, na tumutukoy sa *Bill of Rights* para sa bawat Pilipinong mamamayan.
>
> - Ang Seksiyon 14 (1) ay nagsasaad na walang sinuman ang mananagot sa isang kriminal na paglabag nang di dumadaan sa tamang proseso ng batas.
> - Ang Seksiyon 14 (2) ay nagsasaad na sa lahat ng kasong kriminal na ang akusado ay itinuturing na walang sala hanggang hindi napatutunayang nagkasala at tatamasa pa rin ng karapatang malaman ang kalagayan at pinagmulan ng mga akusasyon laban sa kanya.
> - Ang Seksiyon 18 ng Konstitusyon ng Pilipinas ay nagsasaad na walang sinuman ang makukulong dahil lamang sa kanyang pulitikal na paniniwala at pagnanais.



## Alamin Natin

Ang ating mga natalakay sa modyul na ito ay ilan lamang sa ating mga karapatang pantao. May iba pang karapatan na hindi natalakay dito. Ang mga karapatang ito ay ang sumusunod:

- Karapatang pumili ng sariling relihiyon. Ito ang nagbibigay sa atin na karapatang malayang isagawa ang anumang anyo ng pagsamba o paniniwalang ispiritwal, ngunit kailangang hindi natin ilagay sa kapahamakan ang kaligtasan ng publiko at ng pambansang seguridad. Hinihiling din sa atin na igalang ang karapatan ng ibang tao na ipahayag ang sarili nilang paniniwala at ang pagsasagawa ng pananampalataya ng ibang tao sa kanilang napiling relihiyon.
- Ang karapatan na ipahayag ang iyong sariling opinyon at ang kakayahang ipahayag ito nang malaya. Subalit, ang karapatang ito ay dapat isagawa nang buong ingat at, samakatuwid, hindi dapat abusuhin.
- Ang sinumang pumapailalim sa isang imbestigasyon dahil sa isang kasalanan, na walang kakayahang makapagbayad ng abugado, ay dapat bigyan ng abugadong magtatanggol sa kanya sa paglilitis.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Basahin ang bawat pangungusap at tukuyin kung ito ay nagpapaliwanag ng isang **karapatan** o **responsibilidad**. Isulat ang **K** kung ang pangungusap ay naglalarawan ng isang **karapatan** at **R** kung ito ay isang **responsibilidad**.

_____ 1. Si Ana ay nagdesisyon na makilahok sa isang aktibidad ng grupong tinatawag na *"Born Again Christians."*

_____ 2. Si Mang Teroy ay nagbabasa ng mga libretong propaganda ng lahat ng kandidato upang makatiyak na mapipili niya ang tamang kandidato sa panahon ng eleksiyon.


_____ 3. Tinawagan ni Elena ang estasyon ng radyo upang ipahayag ang kanyang mga pananaw tungkol sa pagganap sa tungkulin ng ilang mga lider ng ating bansa.

_____ 4. Ang *Alliance of Concerned Religious Leaders* ay nagpulong muna sa Liwasang Bonifacio bago tumuloy sa Malacañang upang magplano ng isang matahimik na welga.

_____ 5. Si Mario ay himingi ng tulong sa *Public Assistance Office* dahil hindi niya kayang bayaran ang serbisyo ng isang pribadong abugado.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35. Kung tama ang lahat ng iyong sagot, binabati kita! Alam mo na ngayon ang iyong mga karapatang sibil at pulitikal gayundin ang iyong mga responsibilidad bilang isang mamamayang Pilipino.

Ang mga karapatang ito, at marami pang iba, ay nakasaad sa ating Konstitusyon. Dapat tamasahin ng bawat Pilipino ang mga karapatang ito nang pantay-pantay, mayaman man o mahirap, lalaki o babae, nakapag-aral o hindi. Kaya, tama lamang na ipaglaban natin ang ating mga karapatan kahit sinuman tayo at anuman ang maging kapalit nito. Pero sa pakikipaglaban para sa ating mga karapatan, kailangan nating tiyakin na hindi natin malilimutan ang mga kaakibat na responsibilidad ng bawat isa.



## Ibuod Natin

O, malapit mo nang matapos at makompleto ang modyul na ito. Binabati kita! Sana'y marami kang natutuhan sa modyul na ito. Tandaan mo na:

- Ang bawat Pilipino, lalaki o babae, bata o matanda, ay may karapatang makamit ang isang de-kalidad na edukasyon sa lahat ng antas nito. May obligasyon at tungkulin ang pamahalaan na magbigay sa publiko ng libreng panimulang edukasyon sa elementarya at sekondarya.
- Sa kabilang dako, ang bawat Pilipino ay may responsibilidad na gamitin ang kanyang karapatan sa edukasyon upang mapakinabangan hindi lamang ng sarili at ng pamilya kundi para na rin ng buong bansa.
- Ang kababaihan ay may mga karapatan na makakuha ng mabuting trabaho, promosyon, edukasyon at kalusugan; sa paraang tinatamasa ang mga ito ng kalalakihan. Ang kababaihan ay mayroon ding karapatang maging ligtas sa prostitusyon, panggagahasa, pang-aabuso sa tahanan at iba pang anyo ng pananakit at kawalan ng katarungan. Karagdagan dito, ang mga buntis na empleyado ay may karapatang makamit ang mga bakasyon dahil sa panganganak (*maternity leave*).
- Ang mga Pilipinong residente na 18 taong gulang pataas ay may karapatang bumoto.
- Ang bawat isa ay may karapatan sa sariling pulitikal na paniniwala at pagnanais.
- Ang bawat isa ay may karapatan sa tamang proseso ng batas.

## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Pag-aralan ang mga sitwasyon sa ibaba at sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Si Marcia, isang 15 taong gulang na batang babae, ay panganay sa limang magkakapatid. Wala silang ama, at ang kanilang ina ay payat at masasakitin. Dahil dito, si Marcia ang tumatayong tagapagtaguyod ng kanilang pamilya. Siya ay kumikita ng pera sa pagiging serbidora sa isang restawran. Ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki, ang 13 taong gulang na si Edwin, ay tumutulong din sa pagsuporta sa pamilya sa pamamagitan ng paglilinis ng mga sapatos (*shoeshine boy*). Sina Marcia at Edwin ay parehong nagtatrabaho ng 8 oras araw-araw.

   Sina Marcia at Edwin ba ay pinagkakaitan ng ilan sa mga payak na karapatan? Anong karapatan, kung mayroon man, ang ipinagkakait sa kanila? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Sina Donna at Jun ay kasal na ng limang taon. Wala pa silang anak. Sa bahay, nababagot si Donna dahil wala siyang masyadong ginagawa. Nakikiusap siya kay Jun na payagan siyang maghanap ng trabaho upang magamit niya ang kanyang oras sa mga bagay na produktibo. Pero hindi pumapayag si Jun. Naniniwala siya na ang mga babae ay dapat manatili lamang sa tahanan. Sabagay, sabi niya, hindi na kailangan pang magtrabaho si Donna dahil ang kanya kinikita ay sapat sa kanila. Nalulungkot si Donna dahil gusto talaga niyang magtrabaho.

   Tama ba si Jun sa kanyang pagtutol sa pagtatrabaho ni Donna? Ipaliwanag ang iyong sagot.

3. Si Felipe, isang opisyal ng baranggay at kamag-anak ng mayor, ay nagsasabing:

"Ang mga mayor at mga ibinotong opisyal ay mahahalaga. Sila ay mga iginagalang na indibidwal na inihalal sa posisyon ng mga tao. Sila ay mayroong malalaking responsibilidad at maraming gawaing kailangang harapin. Dahil dito, hindi tayo dapat humadlang sa kanilang daraanan. Dapat lagi nating igalang ang kanilang mga desisyon at mga aksiyon. Palagi silang may mabuting dahilan sa lahat ng kanilang ginagawa, at hindi natin sila dapat tutulan."

Ang lahat ng tao sa kuwarto ay pumalakpak at sumigaw pagkatapos marinig ang kanyang talumpati. Pero nanatiling tahimik si Rodrigo. Hindi siya sumasang-ayon sa mga nasabi ni Felipe. Naisip niya na kung ang mayor ay may nagawang mali o ilegal, dapat lamang na sila ay magprotesta!

Kanino ka sumasang-ayon, kay Felipe or kay Rodrigo? Ipaliwanag ang iyong sagot.

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 35–36. Kung ang iyong iskor ay:

0–1 Kailangan pag-aralan mong muli ang buong modyul na ito.

2–3 Magaling! Ibig sabihin nito, naiintindihan mo ang mga nilalaman ng modyul na ito.

Dito nagtatapos ang ating modyul, kaibigan. Sana'y marami kang natutuhan tungkol sa mga karapatang pantao. Pakatandaan ang minsang winika ni Sarah Grimke, isang lider para sa pakikipaglaban ng karapatan ng kababaihan na bumoto: "Ang pinaka-perpektong sistemang panlipunan ay makakamit lamang kung ang mga batas na gumagabay sa mga kasarian ay batay sa katarungan at pagkakapantay-pantay." Samakatuwid, dapat nating igalang ang mga karapatan ng kababaihan, kabataan at lahat ng tao upang magkaroon ng isang makatao, mapayapa at makatarungang lipunan.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2)*

1. ✔ Ang Artikulo III, Seksiyon I ng Konstitusyon ng Pilipinas ay nagsasaad na, "Walang sinuman ang pagkakaitan ng buhay, kalayaan, o pag-aari nang walang tamang proseso ng batas."

2. ✔ Ang *International Bill of Rights* ay kumikilala sa karapatang magtrabaho at sa karapatan sa pantay na suweldo para sa pantay na paggawa (Artikulo 22-27).

3. ✔ Batay sa *United Nations Human Rights Covenant on Economic, Social and Cultural Rights*, ang bawat indibidwal ay may karapatan sa libreng panimulang edukasyon, at pagkamit ng iba pang uri ng edukasyon sa lahat na antas nito. Ang Artikulo XIV, Seksiyon 2 ng Konstitusyon ng Pilipinas ay nagsasaad na, "ang Estado ang magtatayo at magpapanatili ng isang sistema ng libreng pampublikong edukasyon sa elementarya at hay-iskul."

4. ✘ Sa ilalim ng batas sa Pilipinas, ang pakikisangkot sa pagbili at pagbenta ng ipinagbabawal na gamot ay isang kasalanang may kaparusahan.

5. ✘ Ang pagbabayad ng sahod o sweldo ay dapat maging alinsunod sa batas upang masiguro ang pagbabayad ng tama at sapat na antas na sahod.

6. ✘ Ang sinumang makagawa ng isang krimen ay dapat mabigyan ng makatarungang kaparusahan na naaayon sa uri ng krimeng kanyang ginawa.

7. ✔ Ang *United Nations International Covenant on Civil and Political Rights* ay nagbibigay sa bawat indibidwal ng karapatang magkaroon ng malayang kaisipan, konsiyensiya at relihiyon. Kasama sa mga karapatang magkaroon ng relihiyon o paniniwala na ayon sa kanyang kagustuhan, subalit, hindi nito dapat ilagay sa kapahamakan ang kaligtasan ng publiko at pambansang seguridad.

8. ✔ Ang batas sa *Convention on the Rights of the Child* ay nagbabawal sa diskriminasyon sa mga bata at nagbibigay ng espesyal na proteksiyon laban sa pang-aabusong sekswal, panggagamit, at lahat ng uri ng pagmamalupit at pagpapabaya.

9. ✔ Ang *Universal Declaration of Human Rights* ang nagsasaad na ang lahat ay may karapatang maging malaya at magkaroon ng seguridad. Ang lahat ay dapat magtamasa ng kalayaan mula sa pagkatakot.

10. ✔ Ang *Covenant on Civil and Political Rights* ay nagsasaad na, "Ang bawat indibidwal o tao ay may karapatang magkaroon ng mga ari-arian, makipagkalakalan at malayang magbenta ng kanilang mga ari-arian, at hindi pagkaitan ng kanilang ikinabubuhay."

## B. Aralin 1

*Magbalik-aral Tayo (pp. 6–7)*

1. **(b)** ang tamang sagot dahil ang kuwento ay nagpapakita kung paano napag-aaral ni Nora ang kanyang mga anak.
2. **(a)** ang tamang pagpipilian dahil sa ang lahat ng mga Pilipino ay may karapatan sa libreng panimulang edukasyon sa elementarya at sekondarya. Ang (b) ay hindi tama dahil ito ay hindi nagsasabi kung hanggang sa anong antas ng edukasyon ang libre. Ang (c) naman ay hindi rin tama dahil ang kuwento ay walang sinasabi tungkol sa pagpili sa pagitan ng pribadong at pampublikong paaralan. Ang (d) naman ay hindi rin tama dahil ng karapatang ito ay hindi tinatalakay sa kuwento.
3. **(d)** ang tamang sagot dahil ipinapakita ng kuwento kung paano nakatulong ang karapatang ito sa pagpapaaral ni Nora sa kanyang mga anak kahit na maliit lamang ang kanyang suweldo.
4. **(a)** ang tamang sagot, dahil ang (b), (c) at (d) ay hindi kasama sa mga probisyon ng ating konstitusyon.
5. **(a)** ang tamang sagot, dahil ang (b), (c) at (d) ay di maaaring mangyari.

*Subukan Natin Ito (pahina 9)*

1. Sa ibaba ay ilang mga dahilan kung bakit maraming kabataan ang napipilitang magtrabaho kaya hindi sila makapasok sa paaralan:
   a. Ang kanilang mga pamilya ay mahirap at hindi makaya ang mga gastusin sa paaralan katulad ng mga uniporme, mga kagamitan, transportasyon, atbp.
   b. Wala silang mga magulang.
   c. Napakalayo ng paaralan sa kanilang mga tahanan.
   d. Hindi ninanais ng kanilang mga magulang na sila ay makapag-aral dahil kailangan nila ang kanilang mga anak sa bahay o sa trabaho.
   e. Ang mga bata ay nahihirapang matuto at hindi makasabay sa mga gawain sa paaralan.
   f. Minsan, kung ang ama o ina ay patay na, naiiwan sa kamay ng nabubuhay na asawa ang responsibilidad ng pagiging magulang. Minsan, maaaring humantong ito sa pagpapabaya ng magulang sa kanyang mga anak.

g. Gusto ng magulang na kumita ang kanilang mga anak upang makadagdag sa kita ng buong pamilya.

h. Ang parehong magulang ay walang permanenteng trabaho na susuporta sa mga pangunahing pangangailangan ng kanilang pamilya.

i. Ang mga magulang ay masasakitin at walang kakayahang makapagtrabaho.

j. May ilang mga magulang na mayroong negatibong pag-uugali hinggil sa pag-aaral kaya mas ninanais nilang gugulin ng kanilang mga anak ang kanilang oras sa pagtatrabaho kaysa pagpasok sa paaralan.

Maaaring naglista ka pa ng ibang dahilan kung bakit napipilitang magtrabaho ang mga bata.

2. Napakahirap para sa mga batang ito na pumasok sa paaralan dahil wala na silang oras para mag-aral. Halos lahat ng kanilang oras ay napupunta sa pagtatrabaho.

3. Ang mga bata ay napagkakaitan ng kanilang karapatang magkaroon ng tamang panimulang edukasyon.

4. Ilan sa mga kahirapan na maaaring maranasan ng mga matatandang hindi nakapagtapos ng pag-aaral ay ang sumusunod:

- Mahihirapan sa paghahanap ng trabaho
- Hindi matutulungan ang kanilang mga anak sa mga gawain at takdang-aralin sa paaralan
- Mahihirapan silang punan ang mga papeles kapag sila ay nag-aaplay sa trabaho o pagsagot ng mga pampublikong dokumento na kailangan nila
- Mahihirapan silang maintindihan at maprotektahan ang kanilang mga karapatang pantao
- Pagtaas ng panganib o tsansang masangkot sa mga krimen

Maaaring may iba ka pang sagot na hindi nakalista sa itaas.

5. Ang *Department of Education, Culture and Sports* ay mayroong mga programa na nagbibigay ng libreng edukasyon. Ang ilan sa mga ito ay nakalista sa ibaba:

- Ang mga pampublikong elementarya at sekondaryang paaralan ay nagbibigay ng libreng edukasyon, subalit mayroon pa ring mga gastusin na kailangang pasanin ng mga mag-aaral katulad ng mga libro at mga uniporme.

- Ang sistema ng NFE A&E ay isang libreng alternatibong programa para sa elementarya at sekondaryang edukasyon para sa mga batang nasa labas ng paaralan at mga taong 15 taong gulang pataas sa ilang piling bahagi ng bansa. Ang mga mag-aaral ng NFE A&E ay makakakuha ng mga *self-instructional learning modules* na maaari nilang pag-aralang mag-isa, kasama ang mga kaibigan, sa bahay, sa trabaho, o sa isang sentro ng pag-aaral sa oras at sa lugar na kanilang pinili. Sila ay makakakuha rin ng mga serbisyo ng isang *Instructional Manager* upang matulungan sila kung sila ay nahihirapan sa kanilang pag-aaral. Ang mga mag-aaral ng NFE A&E na makakakuha at makakapasa sa eksamen ng NFE A&E ay bibigyan ng sertipiko para sa elementarya o sekondarya na katumbas ng mga natatanggap ng nasa pormal na sistemang edukasyon.

- Ang *Bureau of Secondary Education* ay may programang tinatawag ng *Out-of School Adults (OSA) High,* na nagbibigay ng libreng edukasyon sa hay-iskul para sa mga matatandang hindi nakatapos ng sekondarya. Ang programang OSA ay ipinapatupad sa ilang piling paaralan sa buong bansa.

- Ang programang "Tuloy Aral" sa *National Capital Region (NCR)* ay nagbibigay sa mga hindi nakapag-aral na kabataan at mga matatanda ng pagkakataong mag-aral ng mga akademikong asignatura sa hay-iskul sa mga piling sentrong pag-aaral at mga paaralan.

- Ang proyektong *Easy and Affordable Secondary Education (EASE)* ay isang programa ng *Bureau of Secondary Education* na nagbibigay ng alternatibong edukasyong para sa hay-iskul sa mga estudyanteng nakalista sa mga pampublikong paaralan na hindi makapasok sa paaralan nang regular.

  Maaaring may iba ka pang sagot na hindi nakalista sa itaas.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 10)*

1. paglalaro
2. pagtatrabaho
3. pagpasok sa paaralan o pag-aaral
4. masasamang tao
5. bawal na gamot, bisyo o prostitusyon

## C. Aralin 2

*Magbalik-aral Tayo (pahina 13)*

1. Ang kuwento ay tungkol sa isang babae na gustong magtrabaho bilang isang *"gasoline girl"* sa isang estasyon pero hindi tinanggap ng employer dahil siya ay isang babae.

2. Hindi siya natanggap sa trabaho dahil ayon sa may-ari, ang gawaing ito ay para lamang sa bata or matandang lalaki.

3. Ang iyong mga halimbawa ay maaaring katulad ng mga sumusunod:

   a) Ang ilang mga employer ay hindi tumatanggap ng mga babaeng diyanitor.

   b) Ang ilang mga employer ay ayaw tumanggap ng mga babaeng guwardiya.

   c) Ang ilang mga employer ay hindi tumatanggap ng mga babae sa konstruksiyon, at iba pa.

   Ang iyong mga sagot ay depende sa iyong mga karanasan.

4. Ako ay mag-aaplay sa iba pang gasolinahan. Kung hindi pa rin nila ako tatanggapin, mag-iisip ako ng iba pang klase ng trabaho. Subalit, susubukan kong magsimula ng isang kampanya laban sa diskriminasyon sa kababaihan. Maaari kong lapitan ang ating mga punong-baranggay o mga opisyal ng lokal na pamahalaan na sa tingin ko ay makatutulong sa pag-impluwensiya sa kamalayan ng mga employer at mga may-ari ng negosyo sa pantay na mga karapatan ng kababaihan at kalalakihan sa usapin ng pagtatrabaho.

   Maaaring may iba ka pang sagot sa iyong listahan.

5. Ilang mga dahilan kung bakit may diskriminasyon laban sa mga kababaihan:

   - Maraming tao ang may maling paniniwala na ang mga lalaki ay mas matalino at mas mahusay kaysa mga babae.
   - Ang ating lipunan ay may "maka-macho" na pag-iisip. Kadalasan nating pinapurihan ang kalalakihan at minamaliit ang mga kababaihan.
   - Maraming mga Pilipino ang naniniwala na ang mga babae ay dapat manatili at magtrabaho sa tahanan.

   Maaaring may iba ka pang sagot sa iyong listahan.

6. Ilang mga karapatan na hindi tinatamasa ng kababaihan:

    - Ang karapatang makapagtrabaho ng kahit anong gawaing kanyang ninanais
    - Ang karapatang makapili ng mapapangasawa
    - Ang karapatang gumawa ng mga desisyon; o makisangkot sa pagdedesisyon sa pamilya, opisina o paaralan
    - Ang karapatang ipahayag ang kanyang sariling opinyon
    - Ang karapatang mahalal sa pampublikong posisyon na kadalasang inuukupa ng kalalakihan

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 15–16)*

1. **Mali.** Ang Artikulo XIII, Seksiyon 3 ng Konstitusyon ng Pilipinas ay nagsasaad na ang estado ay dapat magbigay ng buong proteksiyon sa mga manggagawang lokal at mga nasa ibang bansa, at itaguyod ang pantay na pagkakataong makapagtrabaho para sa lahat.
2. **Mali.** Ang Artikulo 6 ng *International Bill on Human Rights* ay nagsasaad na walang sinuman ang dapat makaranas ng pagpapahirap o pagtratong malupit, hindi makatao o nakapanliliit sa pagkatao.
3. **Mali.** Ang Artikulo 135 ng Batas Paggawa ng Pilipinas (*Labor Code)* ay nagsasaad na, "Hindi alinsunod sa batas sa isang employer o may-ari na paboran ang mga empleyadong lalaki kaysa mga empleyadong babae sa usapin ng promosyon, pagkakataong makapagsanay, mag-aral at makatanggap ng scholarship dahil lamang sa kanilang kasarian."
4. **Mali.** Ito ay isang napakatradisyunal na paniniwala tungkol sa kababaihan. Sa katotohanan, walang batas na nagbabawal sa kababaihan ng magtrabaho sa labas ng kanilang mga tahanan.
5. **Tama.** Batay sa Artikulo 132 ng Batas Paggawa ng Pilipinas, "Ang Kalihim ng Paggawa ay magtataguyod sa mga pamantayan na magsisiguro sa kaligtasan at kalusugan ng mga empleyadong babae."
6. **Mali.** Ang lahat ng tao ay ipinanganak ng malaya at may pantay na dignidad at mga karapatan.
7. **Tama.** Ang mga babae ay mayroon ding karapatang bumoto at mahalal sa isang tunay at regular na eleksiyon.
8. **Tama.** Ang mga babae ay kasingtalino at kasinghusay ng kalalakihan.

9. **Mali.** Ang mag-asawang lalaki at babae ay may pantay na karapatan sa pagbuo ng desisyon sa kanilang pamilya.

10. **Tama.** Ang mga babae, katulad ng mga lalaki, ay mayroon ding karapatang magpahayag ng saloobin. Ang mga lalaki at mga babae ay magkapantay sa dignidad at mga karapatan.

## D. Aralin 3

*Magbalik-aral Tayo (pahina 19)*

1. Hindi. Mali ang pagbebenta ng sariling boto. Kapag ang isang tao ay binigyan ng karapatang bumoto, dapat niya itong pahalagahan at protektahan.

2. Mahahalal ang mga taong hindi tapat at nasusuhulan. Ang mga taong ito ay kadalasang walang intensiyong pagsilbihan ang publiko. At saka, ang mga mayayaman ay mabibigyan ng higit na pagkakataon at kadalasan ay inaasahang mananalo sa eleksiyon dahil sa kanilang kakayahang bumili ng mga boto.

3. Ang isang taong nabigyan ng karapatang bumoto ay may sumusunod na responsibilidad:

    - Ang iboto ang mga karapat-dapat at mapagkakatiwalaang kandidato
    - Ang gamitin ang kanyang karapatang bumoto o ang pagpapakita sa araw ng eleksiyon
    - Ang pagpapahalaga at hindi pagbibigay o pagbebenta ng kanyang boto

*Magbalik-aral Tayo (pahina 20)*

1. Si Azon ay walang perang pambili ng bigas at gatas para sa kanyang anak.

2. Pinayuhan siya ni Rita na pumunta kay mayor dahil namimigay ito ng libreng bigas, de-lata at pera.

3. Umaasa ang mayor na iboboto siya ni Azon sa darating na eleksiyon.

4. Sa kanyang mga kilos at gawain, ang mayor ay mukhang isang opisyal na nasusuhulan at bumibili ng boto ng mga tao. Kung ang lahat ay boboto sa kanya, siya ay mananatili sa kanyang puwesto (bilang mayor o isa pang opisyal ng pamahalaan). Ito ay nangangahulugang magluluklok ang mga tao ng mga lider na nasusuhulan at hindi mapagkakatiwalaan. Ang resulta nito ay ang pagpapahirap mismo ng mga tao sa kanilang mga sarili.

*Subukan Natin Ito (pahina 22)*

1. Walang karapatan ang mayor na ipahuli at ipakulong si Mang Goryo dahil lamang sa pulitikal na dahilan. Dapat ipaalam sa sinumang hinuhuli, sa panahon ng pag-aresto, ang mga dahilan sa kanyang pag-aresto at sabihin kaagad sa kanya ang kanyang mga asunto. Ito ay naaayon sa Artikulo 9, ikatlong bahagi ng *United Nations International Covenant on Civil and Political Rights.*

2. Ang Seksyon 18 ng Konstitusyon ng Pilipinas ay nagsasaad na walang sinuman ang makukulong dahil lamang sa kanyang paniniwala at pagnanais.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 24)*

K 1. Si Ana ay nagtatamasa ng kanyang kalayaang ipahayag at itaguyod ang kanyang relihiyon at paraan ng pagsamba.

R 2. Ang bawat mamamayan ay may responsibilidad na maingat na pag-isipan at piliing mabuti ang mga kandidato bago siya bumoto sa panahon ng eleksiyon.

K 3. Ginamit ni Elena ang kanyang kalayaan sa pagpapahayag o ang karapatang ipahayag ang kanyang mga paniniwala upang talakayin sa pulitiko ang mga kasalukuyang isyu sa ating bansa.

K 4. Ginamit nila ang karapatan ng mga tao sa tahimik na pagtitipon at hingin sa pamahalaan na tugunan ang kanilang mga kahilingan.

K 5. Kapag kulang ang kakayanan ng isang tao upang makapagbayad ng isang abugado, karapatan niyang mabigyan ng abugadong magdedepensa sa kanya sa paglilitis.

*Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?(pp. 26–27)*

Ang iyong mga sagot ay inaasahang tulad nito.

1. Oo. Sina Marcia at Edwin ay napagkakaitan nga ng ilang karapatan. Bilang mga bata, may karapatan silang mabigyan ng tamang edukasyon, ngunit hindi nila natatamasa ang mga karapatang ito. Sa halip, sila ay napipilitang magtrabaho nang sagad sa oras. Dahil dito, wala silang panahon para makapag-aral.

2. Sa tingin ko ay mali ang desisyon ni Jun tungkol sa pagtanggi sa pakiusap ni Dona para makapagtrabaho. Ang kababaihan ay may karapatang magtrabaho o gawin ang anumang kanilang naisin lalo pa't walang taong napapahamak at batas na nilalabag sa proseso.

3. Sumasang-ayon ako kay Rodrigo. Ang mga inihalal na opisyal katulad ng iba, ay kailangan ring pumailalim sa batas. Hindi sila kailanman nakatataas sa batas. Ang posisyon nila ay hindi naghihiwalay sa kanila sa batas. Kapag sila ay nakagawa nang anumang kamalian, karapatdapat nilang tanggapin ang anumang parusang ipapataw sa kanila.

## Mga Sanggunian


*Article XIV of the 1987 Philippine Constitution*. Chan Robles Virtual Law Library. < http://www.chanrobles.com/article14.htm >. January 22, 2001, date accessed.

*Article 135 of the Labor Code of the Philippines*. Chan Robles Virtual Law Library. < http://www.chanrobles.com/legal4labor2.htm#BOOK%2011 >. January 22, 2001, date accessed.

*UN Declaration on the Elimination of Discrimination Against Women*. United Nations High Commissioner for Human Rights. < http://www.unhchr.ch/html/menu3/b/21.htm >. January 22, 2001, date accessed.

*996 Human Rights Report in the Philippines*. U.S. Department of State < http://www.state.gov/www/global/human_rights/1996_hrp_report/philippi.html >. January 22, 2001, date accessed.

*UN Escap Working Group of Statistical Experts, 10th Session*. < http://www.unescap.org/stat/cos10/wgse1010.htm >. January 22, 2001, date accessed.

*Republic Act 7192 and 6725*. National Commission on the Role of Filipino Women. < http://www.ncrfw.gov.ph/ncrfw/laws.html >. January 22, 2001, date accessed.